

Tumulong na Mapigilan ang Pagkalat ng Maling Impormasyon sa Kalusugan

Ang maling impormasyon ay **hindi tama, hindi tumpak, o mapanlinlang** na impormasyon ayon sa pinakamahusay na magagamit na ebidensya sa kasalukuyan.



Matukoy ang maling impormasyon sa kalusugan at maiwasan ang pagbabahagi nito

Gamitin ang **Checklist ng Maling Impormasyon sa Kalusugan** ng Surgeon General sa tuwing may mababasa kang content na nauugnay sa kalusugan na hindi ka sigurado kung totoo.

- Inalam mo **ba sa CDC o sa lokal na departamento sa kalusugan ng publiko** kung may anumang impormasyon tungkol sa ibinibigay na pahayag?
- Nagtanong ka ba **sa isang mapagkakatiwalaang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan** gaya ng iyong doktor o nars kung may mayroon siyang anumang karagdagang impormasyon?
- **Na-type mo ba ang pahayag sa isang search engine** para alamin kung napatunayan na ito ng isang kapani-paniwalang mapagkukunan?
- Tiningnan mo **ba ang page na “Tungkol sa Amin”** sa website para alamin kung mapagkakatiwalaan mo ang source?
- Kung hindi ka sigurado tungkol sa content, **huwag itong ibahagi!**

 Napakahalaga

Hikayatin ang mga tao na makipag-usap sa kanilang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan

- Imungkahi na **magtanong sa kanilang doktor o nars** tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan.

Ibahagi ito sa iyong komunidad

- Hikayatin ang **iyong pamilya, mga kaibigan, at mga grupo sa komunidad** na magsagawa ng positibong pagkilos para mapigilan ang maling impormasyon sa kalusugan.
- Ibahagi sa kanila ang **Community Toolkit ng Surgeon General** sa [SurgeonGeneral.gov/HealthMisinformation](https://www.surgeongeneral.gov/HealthMisinformation).



Magagawa nating pigilan ang pagkalat ng maling impormasyon sa kalusugan at bumuo ng mas malusog na mundo!

